## UNIVERSITY OF CALIFORNIA, SAN FRANCISCO

# KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN NG MGA KALAHOK SA PAG-EEKSPERIMENTO

Ang mga karapatan sa ibaba ay ang mga karapatan ng bawat tao na hinihinging lumahok sa isang pananaliksik na pag-aaral. Bilang kalahok sa pag-eeksperimento, karapatan ninyo ang mga sumusunod:

1) Malaman kung ano ang sinusubukang alamin ng pag-aaral,
2) Malaman kung ano ang mangyayari sa inyo at kung ang alinman sa mga pamamaraan, gamot, o aparato ay naiiba sa ginagamit sa karaniwang gawain,
3) Malaman ang tungkol sa madalas at/o mahalagang mga panganib, mga side effect, o hindi komportableng pakiramdam na mangyayari sa inyo para sa mga layunin ng pananaliksik,
4) Malaman kung mayroon kayong maaasahang anumang benepisyo mula sa pakikilahok, at, kung mayroon, ano ang benepisyong ito,
5) Malaman ang tungkol sa mga iba pang pagpipilian ninyo at kung paano mas makabubuti o mas makasasama ang mga ito kaysa sa paglahok sa pag-aaral,
6) Mapahintulutang magtanong kaugnay ng pag-aaral bago sumang-ayon na lumahok at habang isinasagawa ang pag-aaral,
7) Malaman kung anong klase ng medikal na paggamot ang magagamit kung magkaroon ng anumang mga komplikasyon,
8) Tumangging lumahok sa lahat o magbago ang aking isip tungkol sa paglahok matapos magsimula ang pag-aaral. Ang desisyong ito ay hindi makakaapekto sa inyong karapatang makatanggap ng pangangalaga na matatanggap naman sana ninyo kahit na wala kayo sa pag-aaral,
9) Makatanggap ng may lagda at may petsa na kopya ng porma ng pahintulot,
10) Maging malaya mula sa anumang pamimilit kapag isinasaalang-alang kung sasang-ayon kayong lumahok sa pag-aaral.

Sasabihin sa inyo ng inyong doktor sa pag-aaral kung ang pananaliksik na pag-aaral ay pinangangasiwaan ng Food and Drug Administration (FDA). Kung ang pag-aaral na ito ay pinangangasiwaan ng FDA, sa ilalim ng Federal Food, Drug, and Cosmetic Act (FD&C Act), maaaring inspeksyunin at kopyahin ng FDA ang lahat ng talaang nauugnay sa inyong paglahok sa pag-aaral.

---

Kung mayroon kayong iba pang mga tanong dapat ninyong itanong sa imbestigador o sa katulong sa pananaliksik. Bukod pa rito, maaari ninyong tawagan ang Institusyonal na Lupon na Tagasubaybay ng Pag-aaral (Institutional Review Board, IRB), na siyang kinauukulan pagdating sa proteksiyon ng kalahok sa mga proyektong pananaliksik. Maaari ninyong makontak ang opisina ng IRB sa pamamagitan ng pagtawag sa: (415) 476-1814 mula 8:00 AM hanggang 5:00 PM, Lunes hanggang Biyernes, o sa pamamagitan ng pagsulat sa UCSF Human Research

Protection Program, Box 1288, 490 Illinois Street, Floor 6, San Francisco, CA 94143, o sa pamamagitan ng email sa irb@ucsf.edu.

Tumawag sa (415) 476-1814 o mag-email sa irb@ucsf.edu para sa impormasyon sa mga pagsasalin.